

24,020 Daycare Pupils sa QC, tumanggap ng libreng uniporme

Upang mapahusay ang kalidad ng edukasyon sa Quezon City, nagkaloob si Vice Mayor **Joy Belmonte** kasama si district 3 Councilor **Gian Sotto** ng libreng uniporme sa 24,020 mag-aaral ng Daycare Center sa pakikipagtulungan sa **Social Services Development Department (SSDD)** ng QC at Division of City School.

Kaugnay nito, hinimok ni Belmonte ang mga magulang na huwag kalimutan ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga daycare sa paghubog ng katauhan ng mga bata.

“Kailangan habang maliit pa lang ay hinuhubog na nang tama ang isang bata. Ang hangad natin ay mapaaral sila simula pa sa daycare upang lahat sila’y maging mga produktibong miyembro ng lipunan,” sabi ni Belmonte.

Hiniling din ni Belmonte sa mga magulang na maging mas aktibo sa edukasyon ng kanilang mga anak lalo na sa mga oras ng sunud-sunod na pagsuspende ng klase dahil sa masamang panahon.

“Ngayon ang hamon ko sa mga magulang ay alamin kung ano ang mga inaaral o ginagawa sa school ng inyong mga anak. Maaaring naglalaro lang o kaya’y nagkukulay o nagdodrawing lang pero malaking bagay ito para sa bata.”dagdag ni Belmonte.

“Daycare students ang pinili nating tulungan dahil kadalasang napapabayaang sila ng government kasi ang pokus ng iba’t ibang sectors more on sa elementary level or high school,” sabi naman ni Konsehal Sotto. (*Angie dela Cruz*)